

Ang Aking Boses

Ipinapahayag Ko Ang mga Kagustuhan Ko sa Paggamot na Pangangalagang Pangkalusugan para sa Hinaharap

Gabay sa Patiunang Pagpaplano sa Pangangalaga



Pebrero 2020

Kusang-loob ang paggamit ng gabay na ito at nilalayon para dagdagan ang mga pakikipag-usap sa iyong malapit na kapamilya o mga health care provider tungkol sa mga opsyon sa patiunang pagpapalano sa pangangalaga na posibleng angkop sa iyo. Karagdagan pa, ipinapakita sa mga inilaang form ang batas at ang petsa ng publikasyon. Puwedeng magbago ang mga batas sa paglipas ng panahon. Hindi pinapalitan ng gabay na ito ang anumang medikal o legal na payo.

Library and Archives Canada Cataloguing in Publication

Aking Boses - Ipinapahayag Ko Ang mga Hangarin Ko sa Paggamot na Pangangalagang Pangkalusugan para sa Hinaharap.

May kasamang indise.
ISBN 978-0-7726-6524-9

1. Mga advance directive (patiunang tagubilin) (Medical care)--British Columbia--
Mga sikat na gawa. I. British Columbia. Ministry of Health II. Title.

R726.2 M9 2011

344.71104'197

C2011-909048-1

Mga reperensiyang numero sa pagpi-print ng dokumento ng awtoridad sa kalusugan:

FH: 349976

IH: 807025

NH: 1752

PHSA: PHSA240

VCH: 00089414

VIHA: 90444

Mga Pagkilala

Kinikilala ng Ministry of Health ang Fraser Health para sa kanilang pahintulot na gayahin ang workbook ng Aking Boses sa bagong pamprobinsyang gabay na ito para sa patiunang pagpapalano sa pangangalaga. Nagpapasalamat din kami sa maraming doktor at pasyente na nagbahagi ng kanilang oras at mga ideya. Ginawa ang gabay ng Ministry of Health sa pakikipagtulungan ng:



Talaan ng Mga Nilalaman

Introduksyon	2
Bakit Mahalaga ang Patiunang Plano sa Pangangalaga?	3
Pagbuo sa Iyong Patiunang Plano sa Pangangalaga	5
Mga Paniniwala, Pinahahalagahan at Kagustuhan	5
Nagtutustos-Buhay at Nagpapahaba-Buhay na Mga Medical Intervention	6
Mga Opsyon sa Patiunang Pagpapalano sa Pangangalaga	8
Temporary Substitute Decision Maker (TSDM)	
(Pansamantalang Kapitalit sa Paggawa ng Desisyon)	9
Mga Kasunduan sa Representation	11
Advance Directive	14
Kasunduan sa Representation at Advance Directive	16
Nagpapatuloy na Power of Attorney	19
Pagbabago o Pagkansela ng Iyong Patiunang Plano sa Pangangalaga	20
Mga Depinisyon ng Termino	22
Pag-aayos ng Iyong Mga Papel	25
Ang Aking Patiunang Plano sa Pangangalaga	
Ang Aking Patiunang Plano sa Pangangalaga - Buod	27
Listahan ng Temporary Substitute Decision Maker (TSDM)	28
Aking Mga Paniniwala, Pinahahalagahan at Hangarin	30
Aking Kinatawan: Standard (RA 7) at Enhanced na Mga Kasunduan (RA 9)	32
Kasunduan sa Representation (Seksyon 7)	34
Form 1: Sertipiko ng Kinatawan o Kahaliling Kinatawan	40
Form 2: Sertipiko ng Monitor	41
Form 3: Sertipiko ng Taong Lumalagda para sa Adulto	42
Form 4: Sertipiko ng mga Saksi	43
Kasunduan sa Representation (Seksyon 9)	44
Aking Advance Direktive	50
Mga Mapagkukunan	52
Card na pang-Wallet	52

Introduksyon

Mahalaga ang pagkakaroon ng boses sa mga desisyon tungkol sa iyong paggamot na pangangalagang pangkalusugan. Posibleng dumating ang panahon na, dahil sa pagkakasakit o pinsala, hindi mo maipapahayag ang iyong mga kagustuhan sa paggamot sa mga health care provider. Sa pagpapalano nang patiuna, matitiyak mo na nalalaman ng iyong pamilya, mga kaibigan at/o mga health care provider ang mga kagustuhan mo, at matitiyak na masusunod ang mga kagustuhang ito.

Ipinatupad sa B.C. noong Setyembre 1, 2011 ang bagong batas sa pagpaplanong kawalang kakayahan(o personal), na nagbibigay sa mga adulto ng higit pang mga opsyon para sa pagpapahayag ng kanilang mga kagustuhan tungkol sa mga panghinaharap na pasiya sa pangangalagang pangkalusugan. Binibigyang-daang ng batas ang mga adulto na gumawa ng plano na nagbabalangkas sa mga health care treatment na pinahihintulutan nila o tinatanggihan batay sa kanilang mga paniniwala, pinahahalagan, at kagustuhan. Kung walang ginawang desisyon/plano, ang batas sa health care consent ng B.C. ay nagbibigay sa regulated na mga health care provider ng partikular na direksyon may kinalaman sa kung sino ang dapat nilang piliin para gumawa ng mga desisyon sa ngalan ng isang tao.

Tutulong sa iyo ang gabay na ito at ang mga pahina ng workbook sa ikalawang bahagi ng booklet na kumumpleto ng patiunang planong pangangalaga na bumabalangkas sa mga kagustuhan mo tungkol sa mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan kung mangyaring hindi mo ito magagawa. Makakatulong sa iyong isaalang-alang kung ano ang mahalaga sa iyo, tutulong ito sa iyong idokumento ang mga paniniwala mo at mga kagustuhan, tutulong sa iyong mabuo ang patiunang plano sa pangangalaga na pinakaangkop sa iyo.

Depende sa patiunang plano sa pangangalagang pipiliin mo, maaaring hilingin sa iyong kumumpleto ng mga legal form para matiyak na masusunod ang mga kagustuhan mo. Kasama sa gabay ang mga form na puwede mong kumpletuhin nang hindi tinutulungan ng abogado o notary public, na magiging valid sa legal na paraan kung makumpleto nang tama. Para sa mga kumplikadong situwasyon, hinihimok kang kumuha ng legal na payo para matiyak na masusunod ng mga form at ng isusulat mo roon ang mga pangangailangan mo.



Bakit Mahalaga ang Patiunang Plano sa Pangangalaga?

Hangga't naiintindihan mo at nakakausap mo ang iyong doktor, nurse practitioner, registered nurse, at/o iba pang health care provider, hihilingin sa iyong magpasiya may kalaman sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan.

Gayunpaman, walang nakakaalam kung ano ang mangyayari bukas. Puwedeng magresulta ng isang malalang aksidente o pagkakasakit sa iyong pagiging walang kakayahang magpasiya sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan sa panahong kailangan ang pangangalaga. Binibigyang-daan ng patiunang plano sa pangangalaga ang gayong posibilidad. Binibigyan nito ang pamilya o malalapit na kaibigan at mga health care provider ng gabay sa iyong pangangalaga at paggamot, batay sa mga kagustuhan mo.

Puwedeng sagutin ng patiunang plano sa pangangalaga ang:

- Sino ang gusto mong magpasiya para sa iyo may kalaman sa iyong pangangalagang pangkalusugan?
- Anong (mga) health care treatment ang sinasang-ayunan mo, o tinatanggihan, kung irerekomenda ang mga ito ng health care provider?
- Tatanggapin mo ba o tatanggihan ang nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga medical intervention para sa ilang kalagayan?
- Ano ang ilan sa mga kagustuhan mo kung sakaling kailangan mo ng pangangalagang pangresidensyal at hindi mapapangalagaan sa bahay?

54 na taong gulang si Mary, diborsiyado, mahilig sa sports at may dalawang adultong anak. Dalawang buwan na ang nakalipas nang mabundol siya ng kotse habang nagbibisikleta. Wala pa rin siyang malay at kailangan ng ventilator para huminga. Sabi ng mga doktor, may permanenteng pinsala sa utak si Mary at hindi makaka-recover sa mga pinsala niya. Kahit pa magising siya, hindi na siya makakalakad, o makakahinga nang mag-isa. Palaging nasa tabi niya ang mga anak niya. Ngayon ay may impeksyon si Mary sa kaniyang mga baga, labis na nahihirapan, at sinasabi ng mga doktor na posibleng mamatay si Mary sa loob ng ilang linggo. Inirekomenda nilang alisin si Mary sa ventilator at na mas maginhawa kay Mary kung pahihintulutan siyang mamatay sa natural na paraan. Para sa isa sa mga anak, ito ang pinakamahusay, pero sa isa pa, na buntis ng anim na buwan, gusto niya ang lahat ng intervention na magagawa hanggang sa maisilang ang unang apo ni Mary.



Kung naibahagi ni Mary ang kaniyang mga kagustuhan para sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap sa pamamagitan ng patiunang pagpapalano sa pangangalaga, makakatulong ito sa kaniya at sa mga health care provider na malaman ang kaniyang mga paniniwala, pinahahalagan, at mga kagustuhan sa mahirap na panahong ito. Magagabayan nito ang mga desisyon tungkol sa pangangalaga at paggamot na gagawin ni Mary kung magagawa niya mismong magpasiya.

Ang patiunang pagpapalano sa kalusugan ay tungkol sa pakikipag-usap sa iyong malalapit na kapamilya, kaibigan at (mga) health care provider para alam nila ang health care treatment na gusto mo o tinatanggihan mo, kung mangyaring hindi mo maipapahayag ang sarili mong mga pasiya.

Isang patiunang plano sa pangangalaga ang pagsulat ng iyong mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan para sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap. Posibleng may kasama ring mga legal na dokumento ang iyong patiunang plano sa pangangalaga.

Sa British Columbia, inaasahan sa mga health care provider na igagalang ang kagustuhan ng isang adulto para sa pangangalagang pangkalusugan na ipinahayag nila habang kaya nila. Ipinahayag mo man ang iyong mga kagustuhan sa isang patiunang plano sa pangangalaga o hindi, gagawa ang mga health care provider ng medikal na angkop na mga rekomendasyon sa paggamot para sa iyo.

Binibigyang-daan ng paggawa ng patiunang plano sa pangangalaga na malaman ng iba ang mga desisyon mo para sa sarili, at mabibigyan ang iyong mga kapamilya at kaibigan ng kaalaman at mga tool na kailangan nila para sa hinaharap. Isang pagpili ang patiunang plano sa pangangalaga. Pagpili ito na magpapagaan sa ilang stress na posibleng harapin ng iyong mga kapamilya at kaibigan kung hihilingin sa kanilang gumawa ng mahahalagang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo.

Pagbuo sa Iyong Patiunang Plano sa Pangangalaga

Mga Paniniwala, Pinahahalagahan at Kagustuhan

Nagsisimula ang patiunang pagpapalano sa pangangalaga sa pamamagitan ng pag-iisip tungkol sa iyong mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan may kinalaman sa health care treatment sa hinaharap, at pakikipag-usap tungkol sa mga ito sa iyong mga kapamilya o kaibigan, at (mga) health care provider. Kapag alam ng ibang mga taong pinagkakatiwalaan mo kung ano ang mahalaga sa iyo may kinalaman sa health care treatment sa hinaharap, mas madali para sa kanila na magpasiya sa ngalan mo.

Posibleng matulungan ka ng mga sumusunod na halimbawa para malaman kung ano ang mahalaga sa iyo.

Ginawang makahulugan ng mga ito ang buhay ko:

- Paggugol ng panahon kasama ng aking pamilya at mga kaibigan
- Pagmamahal sa alagang-hayop/musika/sining/hardin/trabaho/mga hobby/sariwang hangin/sports
- Pagsasagawa ng aking pananampalataya

Kapag iniisip ko kung paano ako mamamatay, napapanatag ako sa:

- Pagkaalam na gagamutin ang anumang pananakit na nararamdaman ko
- Paniniwalang maaalagaan akong mabuti at patuloy na kasama ko ang pamilya ko
- Paniniwalang may nagpapatuloy pagkatapos mamatay, kahit pa hindi ko ito alam

Kapag iniisip ko ang pagkamatay, nag-aalala ako na:

- Baka mahirapan akong huminga
- Baka makaranas ako ng hindi makontrol na kirot
- Baka nag-iisa ako

Kapag malapit nang matapos ang buhay ko, gusto kong:

- Nasa tabi ko ang pamilya ko
- May nakahawak sa aking kamay
- Bisitahin ako ng aking pastor
- Marinig ang mga taong mahinahong pinag-uusapan ang tungkol sa masasayang alaala ng aking buhay
- Mapakinggan ang musikang gustung-gusto ko
- May bukas na bintana ano pa man ang panahon

Nagtutustos-Buhay at Nagpapahaba-Buhay na Mga Medical Intervention

Napakahalaga ng pag-iisip tungkol sa iyong mga kagustuhan para sa nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga intervention, lalo na kung mayroon kang malala o banta sa buhay na pagkakasakit. Puwedeng matugunan ng iyong patiunang plano sa pangangalaga ang iba't ibang situwasyon, tulad ng iyong pangangalaga sa ospital habang at pagkatapos ng rutinang operasyon, pangangalaga kung sakaling maaksidente, o mga desisyong pangangalaga sa malapit nang mamatay.

Palaging mag-aalok ang mga doktor at iba pang health care provider ng medikal na angkop na pangangalagang pangkalusugang batay sa klinikal na pagsusuri. Gustong matiyak ng health care provider na ang anumang mga sintomas tulad ng pananakit, pagkahilo, pagduduwal, pagdurogo o impeksyon ay palaging nauunawaan at natutugunan. Hangga't nakakaunawa ka at nakakausap, ipapaliwanag ng iyong health care provider ang naangkop na pangangalagang pinakamahasay para sa iyo, kabilang ang anumang mga panganib, pakinabang o alternatibo. Tatanungin ka rin nila kung mayroon kang anumang mga tanong at kung gusto mong tanggapin o tanggihan ang paggamot na pangangalagang pangkalusugan.

Ang ilan sa pinakamahirap na pasiya ay may kaugnayan sa paggamit ng nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga medical intervention. Puwedeng kasama sa mga medical intervention ang isang ventilator para tumulong sa paghinga, tube feeding, kidney dialysis, o cardiopulmonary resuscitation para patibukin ulit ang puso at mapagana ang mga baga. Iniaalok ang mga paggamot kapag naniniwala ang isang health care provider na medikal na angkop ang mga ito.

Puwedeng makatulong ang mga tanong sa ibaba na mapag-isipan mo ang tungkol sa nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention na posibleng gusto mong tanggapin sa hinaharap.

Kung mayroon kang chronic na kondisyon:

- Nasa anong yugto ang kondisyon ng kalusugan ko at paano ito posibleng lumala?
- Puwede bang makaapekto ang kalagayan ko sa aking pag-iisip o kakayahang magpasiya para sa sarili ko sa hinaharap?
- Ikamamatay ko ba ito?
- Anong nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention ang posibleng kailanganin ko dahil sa kalagayang ito?
- Ano ang iminumungkahi ng health care provider ko na isaalang-alang at tugunan ko sa aking patiunang plano sa pangangalaga?

Kung mayroon kang sakit o pinsalang maaaring ikamatay, gusto mo bang tanggapin o tanggihan ang:

- Cardiopulmonary resuscitation (CPR)?
- Lahat, ilan, o walang nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention kapag sinabi ng isang health care provider na medikal na angkop ang mga treatment sa pangangalagang pangkalusugan?
- Isang yugto ng pagsubok sa nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga medical intervention, na nagpapahintulot mangyari ang isang natural na pagkamatay kung hindi bubuti ang iyong kundisyon?

Puwede mong tanungin ang sarili mo, “Gusto ko ba ng nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention kung ang ibig sabihin nito ay hindi ko na”:

- Mae-enjoy ang buhay ko at mga aktibidad tulad nang sa ngayon?
- Magagawang bumangon sa kama, maglakad, lumabas nang mag-isa?
- Makikilala at makakausap nang makabuluhan ang mga kamag-anak o kaibigan ko?
- Mag-isip para sa sarli ko?



Mga Opsyon sa Patiunang Pagpapalano sa Pangangalaga

May ilang opsyong available para ipaalam ang iyong mga kagustuhan at tagubilin kung sakaling wala ka nang kakayahang gawin iyon nang mag-isa. Maiimpluwensiyahan ang mga opsyon na pipiliin mo ng iyong personal na kalagayan, at uri ng patiunang pagpapalano sa pangangalaga na gusto mong gawin.

Mga Basic sa Gabay sa Patiunang Pagpapalano sa Pangangalaga

Ang bawat patiunang plano sa pangangalaga ay dapat mayroon ng tatlong bagay na ito:

Pakikipag-usap sa pamilya o mga kaibigan at mga health care provider tungkol sa iyong mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan.

Pagsulat ng iyong mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan para sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap.

Pagsusulat ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga taong kwalipikado na makasama sa iyong listahan ng Pansamantalang Kahalili sa Pagpapasiya.

Mga Opsyon sa Patiunang Pagpapalano sa Pangangalaga

Opsyonal ang mga sumusunod na item, depende sa iyong mga pangangailangan sa patiunang pagpapalano sa pangangalaga:

Karaniwang Kasunduan sa Representation: Seksyon 7

Binibigyang-daan kang pangalanan ang isang tao na gumawa ng karaniwang mga pagpapasiya sa pinansyal na pamamahala, mga pasiya sa personal na pangangalaga at ilang pagpapasiya sa pangangalagang pangkalusugan.

Hindi pinahihintulutan ang mga taong tanggihan ang nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention para sa iyo.

Kasunduan sa Enhanced Representation: Seksyon 9

Binibigyang-daan kang tukuyin ang pangalan ng gagawa ng mga personal na desisyon at ilang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga desisyong tanggapin o tanggihan ang nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention para sa iyo.

Advance Directive

Binibigyang-daan ka na sabihin ang mga desisyon mo tungkol sa pagtanggap o pagtangi sa mga health care treatment kabilang ang nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention, nang direkta sa isang health care provider.

Dapat na sundin ang advance directive kapag sinasagot nito ang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan sa oras na iyon. Walang iba na hihilingan na magpasiya para sa iyo.

Nagpapatuloy na Power of Attorney

Binibigyang-daan ka na italaga ang sinuman na gumawa ng mga pampinansyal at legal na desisyon sa ngalan mo kung mangyaring hindi mo iyon magagawa.

Temporary Substitute Decision Maker (TSDM) (Pansamantalang Kapalit sa Paggawa ng Desisyon)

Pipili ng pansamantalang kahaliling magpapasiya (TSDM) kung wala kang legal na pinangalangan na indibidwal (kinatawan) para gumawa ng mga desisyon para sa pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo mismo ito magagawa.

Pipiliin ng iyong doktor o ibang health care provider ang TSDM mula sa isang listahang puwede mong punan. Tinutukoy ng batas ng B.C. ang pagkakasunud-sunod ng mga taong kwalipikadong maisama sa listahan. Para maging isang TSDM, dapat na 19 taong gulang o mas matanda ang isa, may kakayahan, walang pakikipagtalo sa iyo, at nakaugnayan mo sa nakalipas na isang taon.

Dapat na lapitan ang isang taong nasa listahan sa ibaba ayon sa pagkakasunud-sunod:

1. Ang iyong asawa (kasal, kinakasama, kasekso - hindi mahalaga ang tagal ng panahong nagsasama)
2. Isang anak na lalaki o babae (19 taong gulang o mas matanda, hindi mahalaga ang pagkakasunud-sunod ng edad)
3. Isang magulang (kahit sino sa magulang, maaaring ang nag-ampon)
4. Kapatid na lalaki o babae (hindi mahalaga ang pagkakasunud-sunod ng kapanganakan)
5. Isang lolo/lola
6. Isang apo (hindi mahalaga ang pagkakasunud-sunod ng kapanganakan)
7. Sinumang nauugnay sa iyo sa kapanganakan o pag-ampon
8. Isang malapit na kaibigan
9. Isang taong malapit na nauugnay sa iyo sa pag-aasawa (mga kamag-anak ng asawa, mga magulang na nag-ampon, kapatid sa ama/ina, atbp.)

Maaaring hindi mo mababago ang pagkakaayos ng listahan. Ang isang taong nasa ibaba ng listahan ay mapipili lang bilang iyong TSDM ng iyong health care provider kung ang lahat ng taong nasa itaas nila ay hindi kuwalipikado o hindi available.

Kung alam mo na gusto mo ang isang tao na nasa ibaba ng listahan na gawin ang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo, kung gayon ay dapat mong gawing legal na kinatawan ang taong iyon sa pamamagitan ng form ng kasunduan sa representation. May dalawang uri ng form ng kasunduan sa representation sa likod ng gabay na ito. Siguraduhing gagamitin ang isa na nakakatugon sa mga pangangailangan mo. Nasa susunod na seksyon ang higit pang impormasyon tungkol sa mga pagkakaiba ng dalawang uring ito ng kasunduan sa representation.

Legal na kinakailangan ng iyong TSDM na gumawa ng mga desisyon na gumagalang sa iyong mga kagustuhan. Kung nagkaroon kayo ng mga talakayan tungkol sa patiunang plano sa pangangalaga at naisulat ang iyong mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan, malalaman ng iyong TSDM at maipapaliwanag ang iyong mga kagustuhan kapag hinilingang gumawa ng mga pasiya sa health care treatment para sa iyo.

Kung masaya ka sa pagpili ng TSDM kung sakaling kakailanganin, kasama sa iyong plano ng patiunang pangangalaga ang sumusunod:

- Pagtalakay sa iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan sa malalapit na kapamilya o pinagkakatiwalaang kaibigan;
- Pagsulat sa iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan (p.30); at
- Pagpunan sa iyong listahan ng TSDM (p.28) gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga tao na posibleng lapitan, ayon sa pagkakasunud-sunod, ng isang health care provider kung mangangailangan ng TSDM.

Si Pat, edad 47, ay isang empleyado sa opisina na may magandang kalusugan na nakatira sa isang maliit na bayan sa hilaga. Kasal siya kay Tom, edad 49, sa loob ng 24 na taon at may tatlong anak sila na edad 20, 17 at 14. Nakatira sa bahay ang dalawang pinakabata at ang pinakamatanda ay umalis na noong nakaraang taon para magkolehiyo.

Pagkaraang mamatayan ng ilang miyembro ng pamilya at kaibigan sa nakalipas na ilang taon, nagsimulang mag-isip si Pat tungkol sa kaniyang mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap. Ipinakipag-usap niya ang nararamdaman niya kay Tom. Nagkataong marami sa iniisip Tom ay kapareho ng kay Pat. Magkasama, nagdesisyon sila na gumawa ng patiunang pagpapalano sa pangangalaga para malaman ng bawat isa ang kanilang kagustuhan para sa mga desisyon nila sa hinaharap para sa pangangalagang pangkalusugan.



Pinili ni Pat at Tom na idokumento ang kanilang mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan at pinunan ang kanilang mga listahan ng TSDM:

- Si Pat at Tom ay nasa pangmatagalan at stable na relasyon;
- Nagtitiwala sila sa isa't isa para gumawa ng magagandang desisyon para sa bawat isa sa pamamagitan ng paggalang sa kanilang mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan;
- Bilang mag-asawa, nasa unahan sila ng listahan ng TSDM ng bawat isa, at
- Tinalakay ni Pat ang kaniyang mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan sa kaniyang adultong anak at sa kaniyang ina, na kwalipikado bilang ang dalawang susunod na mga TSDM kung hindi available si Tom.

Mga Kasunduan sa Representation

Maaaring tukuyin ng mga adulto sa British Columbia ang pangalan ng isang kinatawan sa isang kasunduan sa representation kung gusto nila ng partikular na tao na gumawa ng partikular na mga uri ng desisyon sa ngalan nila. May dalawang uri ng kasunduan sa representation.

Karaniwang Kasunduan: Seksyon 7 Kasunduan sa Representation

Binibigyang-daan ka ng seksyon 7 na kasunduan sa representation na tukuyin ang pangalan ng isang kinatawan para gumawa ng mga desisyon tungkol sa rutinang pamamahala ng iyong mga gawaing pampinansyal, sa iyong personal na pangangalaga at ilang desisyon sa health care treatment. Hindi nito pinahihintulutan ang iyong kinatawan na gumawa ng mga desisyon sa health care treatment para sa iyo na kinasasangkutan ng pagtanggap sa nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention.

Posibleng opsyon ang isang karaniwang kasunduan para sa mga adulto na nasuri ng isang health care provider bilang may kakayahang gumawa ng pinahusay (seksyon 9) na kasunduan sa representation. Binibigyang-daan ng seksyon 7 na kasunduan sa representation ang mga adulto na may mababang antas ng kakayahan (hal., dahil sa ilang mga kapansanang developmental o pinsala/pagkakasakit sa utak na nakakaapekto sa cognitive na kakayahan) na gumawa ng ilang patiunang pagpapalano sa pangangalaga.

Ang mga adulto na may kakayahang gumawa ng seksyon 9 na kasunduan sa representation ay maaaring piliing gumawa ng seksyon 7 na kasunduan sa representation kung tinutugunan nito ang kanilang pangangailangan.

Ang pagkumpleto sa isang seksyon 7 na kasunduan sa representation bilang bahagi ng iyong patiunang plano sa pangangalaga ay kinabibilangan ng sumusunod:

- Pagtalakay sa iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan sa malalapit na kapamilya o pinagkakatiwalaang kaibigan;
- Pagsulat ng iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan (p.30);
- Pagtukoy sa iyong kinatawan at pagsusulat ng iyong mga tagubilin sa isang kasunduan sa representation, gamit ang isang form ng seksyon 7 (p.34); at
- Pagpunan sa iyong listahan ng TSDM gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga tao na maaaring lapitan ng isang health care provider kung kailangan ang TSDM, kung mag-resign ang iyong kinatawan o hindi available, o ang isang desisyon tungkol sa nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention ay kinakailangan (p.28).

Nasangkot si Michael, edad 38, sa isang seryosong aksidente sa motor 10 taon na ang nakakalipas. Nagtamo siya ng pinsala sa ulo, naparalisa siya at kasalukuyang may mga problema sa memorya na resulta ng aksidente. Nagsosolo siya, patay na ang mga magulang, at mayroon siyang isang nakababatang kapatid na malapit sa kaniya na nakatira sa labas ng probinsya. Mag-isang namumuhay si Michael sa kaniyang apartment sa loob ng nakalipas na walong taon. Nagagawa ni Michael na hindi umasa sa iba hangga't posible dahil sa specialized na kagamitan at mga bumibisitang home support worker. Isinasama siya ng kaniyang matalik na kaibigang si Ben para mamili bawat linggo at sa mga medical appointment. Maganda ang kalusugan ni Michael pero sinabi niyang lumalala ang paghina ng kanyang memorya sa nakalipas na taon, na nagpapahirap sa pagdedesiyon. Mas nagiging umaasa na siya kay Ben para matiyak na nababayaran ang kaniyang mga bill sa tamang oras at para maiskedyul at mapuntahan ang kaniyang mga medical appointment kasama siya. Iminungkahi ng community nurse ni Michael na pangalanan niya ang isang kinatawan para tulungan siyang pamahalaan ang kaniyang personal na pananalapi at ilang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan.

Kwalipikado si Michael na kumumpleto ng seksyon 7 na kasunduan sa representation dahil, bilang pagsasaalang-alang sa lahat ng mga nauugnay na salik, siya ay:

- Kayang ipakipag-unayan ang kaniyang kagustuhan na magkaroon ng kinatawan para tumulong sa kaniya na gumawa ng mga desisyon tungkol sa personal na pangangalaga, mga rutinang pampinansyal at ilang pangangalagang pangkalusugan, at nauunawaan niya na ang kaniyang kinatawan ay maaaring gumawa, o huminto sa paggawa ng mga desisyon na makakaapekto sa kaniya;
- Nagtitiwala sa kaniyang kaibigang si Ben at alam na pinahahalagahan siya ni Ben;
- Alam at nauunawaan na hindi niya gustong gumawa si Ben ng mga pasiya tungkol sa pagtanggap sa nagtutustos-buhay o nagpapahaba-buhay na mga medical intervention;
- Kuwalipikado si Ben at sumang-ayon na pangalanan bilang kinatawan niya, at
- Bagaman nakatira sa labas ng B.C. ang kapatid niya, nakikipag-ugnayan siya at magiging kwalipikado bilang TSDM ni Michael kung kakailanganin ang mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa nagtutustos-buhay.

Pinahusay na Kasunduan: Seksyon 9 Kasunduan sa Representation

Binibigyang-daan ka ng seksyon 9 na kasunduan sa representation na pangalanan ang isang kinatawan para magdesisyon tungkol sa personal na pangangalaga at mga health care treatment, kabilang ang mga desisyon tungkol sa pagtanggap o pagtanggap sa nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga medical intervention. Maaaring hindi gagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong mga usaping pinansyal ang isang kinatawang tinukoy ang pangalan sa isang seksyon 9 na kasunduan sa representation. Para makagawa ang isang tao ng mga pinansyal na desisyon para sa iyo kung sakaling hindi mo ito magagawa, puwede kang magtalaga ng isang tao (tinatawag na abogado) gamit ang isang enduring power of attorney (tingnan ang p 19 para sa higit pang impormasyon).

Ang pagkumpleto sa isang seksyon 9 na kasunduan sa representation bilang bahagi ng iyong patiunang plano sa pangangalaga ay kinabibilangan ng sumusunod:

- Pagtalakay sa iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan sa malalapit na kapamilya o pinagkakatiwalaang kaibigan;
- Pagsulat ng iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan (p.30);
- Pagtukoy sa iyong kinatawan at pagsusulat ng iyong mga tagubilin sa isang kasunduan sa representation, gamit ang isang form ng seksyon 9 (p.44); at
- Pagpunan sa iyong listahan ng TSDM gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga tao na maaaring lapitan ng isang health care provider kung kailangan ang TSDM, kung mag-resign ang iyong kinatawan o hindi available (p.28).

Lumipat si Gurdeep, edad 74, sa Canada 10 taon na ang nakalipas kasama ng kaniyang asawang si Rani, na kaunti lang ang alam na Ingles. Hindi maganda ang kalusugan ni Gurd sa loob ng pitong taon. May sakit siya sa bato, may diyabetes at mataas na presyon ng dugo. Kailangan niya ng kidney dialysis tatlong beses sa isang linggo, at may congestive heart failure na lumalala kada ilang buwan. Kasama niya at ni Rani ang kanilang pinakamatandang anak na lalaking si Jeet, na tumutulong sa pangangalaga sa kanya at kasamang pumupunta sa appointment ni Gurd sa doktor. May limang ibang anak si Gurd na nakatira sa malapit, at may magandang ugnayan sa kanilang lahat. Dahil malinaw na humihina ang kalusugan ni Gurd, iminungkahi ng doktor niya na gumawa ng patiunang pagpapalano sa pangangalaga para malaman ang mga kagustuhan niya at maging malinaw kung sino ang magdedesisyon para kay Gurd kung hindi na niya magagawang magdesisyon para sa sarili.

Nakipag-usap si Gurd sa kaniyang asawa at mga anak, at natukoy na gugustuhin niyang manatili sa bahay hanggang sa katapusan ng kaniyang buhay, kaysa sa ospital o sa isang pasilidad ng residential care. Nag-aalala siya na makaranas ng pananakit, at hindi niya gustong naka-hook sa mga makina para pahabain pa ang kaniyang buhay. Sa kabila ng kaniyang mga alalahanin sa kalusugan, gusto rin niyang maging organ donor. Nagpasiya siyang si Jeet ang gagawa ng mga desisyon sa health care treatment para sa kaniya, kung hindi niya magagawa.



Pinili ni Gurd na kumumpleto ng seksyon 9 na kasunduan sa representation dahil:

- Wala sa unahan ng listahan ng TSDM si Jeet at dapat pangalanan bilang kinatawan ni Gurd para mapakiusapang magdesisyon sa kaniyang pangangalagang pangkalusugan;
- Alam ni Gurd na kaya ni Jeet na makipag-usap sa kaniyang doktor nang walang tagasalin;
- Nagtitiwala si Gurd kay Jeet na makakagawa siya ng mga desisyon sa health care treatment na gumagalang sa kaniyang mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan, at na isasama niya si Rani sa mahahalagang pakikipag-usap; at
- Mabibigyang-daan si Jeet ng seksyon 9 na kasunduan sa representation na tanggihan o tanggapin ang nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga medical intervention.

Posibleng gustong pangalanan ni Gurd ang isa sa kaniyang mga anak bilang kaniyang kahalili kung sakaling mag-resign si Jeet.

Karagdagan pa, bilang kahalili, puwedeng gumawa si Gurd ng advance directive, na itinatala sa form ng seksyon 9 na kasunduan sa representation na ang kaniyang advance directive ay maaaring direktang sundin ng isang health care provider nang hindi hinihilingang magdesisyon ang kaniyang kinatawan. Matitiyak ng mga opsyon na ito na masusunod ang mga kagustuhan at tagubilin ni Gurd para sa mga health care treatment.

Advance Directive

Binibigyang-daan ng advance directive ang isang may kakayahang adulto na malinaw na ipahayag ang kanilang mga desisyon tungkol sa pagtanggap o pagtangga sa mga health care treatment, kabilang ang nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga medical intervention, at ibinibigay ang mga tagubilin at desisyong iyon nang direkta sa (mga) health care provider. Dapat sundin ang advance directive kapag sinasagot nito ang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan sa oras na iyon. Pipili lang ng TSDM kapag kailangan ang isang desisyon sa health care treatment na hindi natutugunan ng iyong advance directive.

Ang pagkumpleto sa isang advance directive bilang bahagi ng patiunang plano sa pangangalaga ay kinabibilangan ng sumusunod:

- Pagtalakay sa iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan sa malalapit na kapamilya o pinagkakatiwalaang kaibigan;
- Pagsulat ng iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan (p.30);
- Pagbalangkas sa mga desisyon mo para sa mga health care treatment sa hinaharap sa isang advance directive (p.50); at
- Pagpunan sa iyong listahan ng TSDM gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga tao na maaaring lapitan ng isang health care provider kung kailangan ang TSDM para gumawa ng desisyon sa health treatment na hindi natutugunan ng iyong advance directive (p.28).

Lumipat si Jenny, edad 58, sa Canada mula sa China, 24 na taon na ang nakalipas. Wala siyang asawa at walang malapit na kapamilya. Pribadong tao siya na may isang pusa at maliit na grupo ng mga kaibigan, kabilang ang kaniyang malapit na kaibigang si Rose na madalas maglakbay. Malusog si Jenny sa buong buhay niya hanggang sa, isang buwan ang nakalipas, nang may maramdamang siyang pananakit sa dibdib habang naglalakad sa matarik na burol. Pagkaraan ng ilang pagsusuri, sinabi ng mga doktor kay Jenny na nababarahan ang kaniyang mga artery (ugat papunta sa puso), masyadong mataas ang kaniyang kolesterol, at nasa seryosong panganib siya ng atake



sa puso. Nagreseta siya ng gamot para sa kaniyang kalagayan, nagmungkahing ihinto ang paninigarilyo at isinangguni siya sa isang espesyalista sa puso para sa higit pang pangangalaga. Iminungkahi ng doktor niya na pag-isipan niya ang paggawa ng patiunang pagpapalano para matiyak na alam ang mga desisyon niya sa pangangalagang pangkalusugan at iginagalang ng kaniyang mga health care provider dahil wala siyang malapit na kapamilya. Pagkaraang pag-isipan kung anong nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga medical intervention ang maaaring kailanganin niya kung lumala ang kondisyon niya, pinili ni Jenny na gumawa ng advance directive.

Pinili ni Jenny na kumumpleto ng advance directive dahil:

- Walang kapamilya si Jenny at posibleng hindi available ang malapit niyang kaibigan para mapili siya ng health care provider bilang kaniyang TSDM;
- Puwedeng itakda ni Jenny ang mga kagustuhan at tagubilin niya para sa nagtutustos-buhay at nagpapahaba-buhay na mga medical intervention at kung gugustuhin niyang simulan ang mga ito, ipagpatuloy o ihinto, at
- Kilala ng doktor ni Jenny si Jenny at ang kaniyang mga inaasahan at kagustuhan para sa hinaharap at mas alam na niya ngayon pagkatapos makipag-usap sa kaniya tungkol sa patiunang pagpapalano sa pangangalaga, at pagkakaroon ng kopya ng kaniyang advance directive.

Maaaring gustuhing makipag-usap ni Jenny sa kaniyang kaibigan na si Rose o sa iba na pinagkakatiwalaan niya tungkol sa kaniyang mga kagustuhan, at matiyak na matukoy sila sa kaniyang listahan ng mga contact para maging TSDM kung kinakailangan. Maaari din niyang hilinging gumawa ng enduring power of attorney para magbigay-daan sa isa na pamahalaan ang kaniyang pananalapi at ari-arian kung mangyaring hindi na niya ito magagawa mismo (tingnan ang p.19 para sa higit pang impormasyon).

Kasunduan sa Representation at Advance Directive

Posibleng maimpluwensiyahan ng magkakaibang personal na kalagayan kung pipiliin ng isang adulto na gumawa ng kasunduan sa representation, isang advance directive, o ipakipag-usap na lang ang kanilang mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan sa malalapit na kapamilya at kaibigan at tukuyin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa isang TSDM. Nagbibigay din ng opsyon ang personal na mga batas ng British Columbia sa pagpapalano ng pagpili para magkaroon ng kasunduan sa representation at isang advance directive.

Kung mayroon kang kasunduan sa representation at advance directive, at gusto mong sundin ng iyong health care provider ang iyong advance directive nang hindi hinihingi sa iyong kinatawan na gumawa ng desisyon, dapat mo itong sabihin sa iyong kasunduan sa representation.

Ang pagkumpleto sa isang kasunduan sa representation at patiunang directive bilang bahagi ng iyong patiunang plano sa pangangalaga ay kinabibilangan ng sumusunod:

- Pagtalakay sa iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan sa malalapit na kapamilya o pinagkakatiwalaang kaibigan;
- Pagsulat ng iyong mga paniniwala, pinahahalagahan, at kagustuhan (p.30);
- Pagtukoy sa iyong kinatawan sa isang kasunduan sa representation, gamit ang isang form ng seksyon 7 (p.34) o seksyon 9 (p.44);
- Pagbalangkas sa iyong mga desisyon para sa health care treatment sa hinaharap sa isang advance directive (p.50) [tandaan: kailangan mong sabihin sa iyong kasunduan sa representation na puwedeng kumilos ang isang health care provider alinsunod sa mga tagubilin sa iyong advance directive nang wala ang pahintulot ng iyong kinatawan kung ito ang gusto mo]; at
- Pagpunan sa iyong listahan ng TSDM gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga tao na maaaring lapitan ng isang health care provider kapag kailangan ang TSDM para gumawa ng desisyon sa health treatment kung mag-resign ang iyong kinatawan o hindi available at hindi angkop ang iyong advance directive (p.28).

Isang Seksyon 7 na Kasunduan sa Representation at Advance Directive

